
# Project EASE

(Effective Alternative Secondary Education)

**ARALING PANLIPUNAN III**



# MODYUL 9

# SISTEMANG PIYUDAL SA GITNANG PANAHON SA EUROPA

BUREAU OF SECONDARY EDUCATION
Department of Education
DepEd Complex, Meralco Avenue
Pasig City

**MODYUL 9**

**SISTEMANG PIYUDAL SA GITNANG PANAHON SA EUROPA**

Ang modyul na ito ay magdadala sa iyo sa Gitnang Panahon sa Kanlurang Europa kung kailan ang sistemang piyudal ang umiral. Kaakibat nito ang sistemang pampulitika, panlipunan, at pang-ekonomiya noong mga panahong iyon.

Ang sistemang pampulitika ay makikita sa desentralisadong pamamahala. Ang sistemang pang-ekonomiya ay naisasalarawan ng sistemang manoryal na siyang sentro ng mga gawaing pangkabuhayan. Ang sistemang panlipunan naman ay makikita sa pagkakapangkat-pangkat ng lipunan sa tatlo: 1) uring maharlika; 2) mga klerigo; 3) at mga pesante.

Ang Simbahang Katoliko ang naging tagapagbuklod ng mga estadong Kristiyano. Ang Simbahan at ang pagsunod sa mga doktrina nito ay naging malaking bahagi ng araw-araw na gawain ng tao.

May tatlong araling inihanda para sa inyo sa modyul na ito:

- Aralin 1: Ang Pag-usbong ng Piyudalismo
- Aralin 2: Ang Sistemang Manoryal
- Aralin 3: Ang Pagsimula at Paglaganap ng mga Bayan at Lungsod

Pagkatapos ng mga gawain sa modyul, ikaw ay inaasahang:

1. Makapagtatalakay ng mga pangyayaring nagbigay-daan sa pag-usbong at paglaganap ng piyudalismo sa Gitnang Panahon sa Europa;
2. Makapaglalarawan ng ugnayan ng mga hari, basalyo, kabalyero, at magbubukid sa sistemang piyudal;
3. Makapagpapaliwanag ng mga salik ng sistemang manoryal;

4. Makatutukoy ng ginampanang papel ng Simbahan sa sistemang piyudal; at
5. Makapagbibigay ng kuro-kuro hinggil sa impluwensya ng sistemang piyudal sa kasalukuyang panahon.

Handa ka na ba? Subukan mong sagutin ang mga sumusunod na tanong. Huwag kang mangamba sa pagsagot. May mga tulong sa pag-aaral na inihanda para sa iyo.




**PANIMULANG PAGSUSULIT:**

Panuto: Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Alin sa mga sumusunod ang tamang pagsasalarawan ng mga Burgis?
    a. Sila ay nabibilang sa maharlika.
    b. Sia ay mayamang mangangalakal.
    c. Sila ay panginoon ng magbubukid.
    d. Sila ay pinuno ng *guild*.

2. Ang basalyo ay yaong tao na:
    a. nagbigay ng lupa.
    b. nabigyan ng lupa.
    c. nagtatrabaho sa lupa.
    d. nangungolekta ng buwis.

3. Ang tawag sa artisano na nagpapakadalubhasa sa kanyang gawain sa pamamagitan ng pagsasanay sa gabay ng *master* ay
    *a. journeyman*
    b. burgis
    *c. apprentice*
    *d. bailiff*

4. Sa sistemang piyudal, ang sentro ng lipunan at ekonomiya ng mga tao ay ang:
    a. kastila.
    b. palasyo.
    c. manor.
    d. simbahan.

5. Mahalaga ang papel ng mga kabalyero sa sistemang piyudal dahil sa sila ang gumaganap ng gawaing
    a. panlipunan.
    b. pang-ekonomiya.
    c. panrelihiyon.
    d. pangmilitar.

6. Ang bansa kung saan maraming lungsod ang umunlad dahil sa kalakal ay
    a. Ingglatera
    b. Pransiya
    c. Italya
    d. Alemanya

7. Ang unang paggamit ng pera o salapi sa kalakalan ay naganap sa
    a. manor
    b. perya
    c. banko
    d. pistahan

8. Ang pag-iral ng sistemang piyudal sa Gitnang Panahon ay nag-ugat sa
    a. pagbasak ng Emperyong Roma.
    b. paghina ng Banal na Emperyong Roma.
    c. pagsalakay ng mga Asyano.
    d. paglakas ng Simbahang Kristiyano.

9. Ang pag-unlad ng kalakalan sa pagitan ng mga lunsod ng Italya at Gitnang Asya ay nag-ugat sa
    a. Piyudalismo.
    b. Krusada.
    c. Sistemang *Guild*.
    d. Kristiyanismo.


10. Alin sa mga sumusunod ang hindi salik sa pag-unlad ng mga kabayanan?
    a. Bagong teknolohiya sa pagtatanim
    b. Paglakas ng kalakalan
    c. Bagong pamamaraan sa pagtatanim
    d. Pagtatayo ng “guild”

**ARALIN 1**

**ANG PAG-USBONG NG PIYUDALISMO**



Ang paghina ng pamamahala ng tagapagmana ni Charlemagne ang nagpasimula ng sistema kung saan ang local na pamamahala ay lumakas. Dito mag-uugat ang piyudalismo.



Matapos ang araling ito, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Matutukoy ang pag-usbong ng piyudalismo sa Kanlurang Europa;
2. Maipaliliwanag ang katangian ng institusyong ito;
3. Mailalarawan ang panlipunan at pampulitikal na katangian nito; at
4. Matutukoy ang papel ng kabalyero sa sistemang piyudal.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Bilang Pilipino, napag-aralan mo sa Kasaysayan ng Pilipinas ang tungkol sa Sistemang Encomienda noong panahon ng Kastila. Magbigay ng dalawang katungkulan ng Encomienda at dalawa ring katungkulan ng nasasakop na Indio. Isulat sa isang pirasong papel at itabi hanggang matapos mong basahin ang aralin na ito.

## Ang Pagtatag ng Piyudalismo

Ang Piyudalismo sa Gitnang Panahon ay nag-ugat sa paghahati-hati ng Banal na Imperyo ni Charlemagne batay sa kasunduan sa Verdum. Mahihinang tagapamahala ang mga tagapagmana ni Charlemagne kaya ang mga opisyal ng pamahalaan at mga may-ari ng lupain ay humiwalay sa pamumuno ng hari. Naibangon muli ang mga local na pamahalaan na ngayon ay pinatatakbo ng mga maharlikha katulad ng mga konde at duke.

Sa sitwasyong ito pumasok ang mga barbarong Viking, Magyar, at Muslim. Sinalakay nila ang iba't ibang panig ng Europa lalo na sa bandang Pransya. Ang mga Viking na kilala rin sa tawag na Normans ay nabigyan ng lupain sa bandang Pransya kapalit ng pagtanggap nila ng Kristiyanismo. Ang lupaing napasakanila ay kilala ngayon sa tawag na Normandy.

Ang madalas na pagsalakay na ito ng mga barbaro ay nagbigay ligalig sa mga mamamayan ng Europa. Dahil dito, hinangad ng lahat ang pagkakaroon ng proteksyon kaya naitatag ang sistemang piyudalismo.

## Ang Institusyong Piyudalismo

Ang salitang Piyudalismo (Feudalism) ay hango sa salitang “feodus” or “fief”, ang salitang tumutukoy sa lupa na ibinigay sa unang basalyo (vassal). Ang may-ari ng lupa (Panginoon) ay nangakong bibigyan ng protesyon ang basalya at ipagtatanggol ang kanilang karangalan. Ang basalyo naman ay nangako ring magiging matapat sa panginoong piyudal at magbibigay ng suporta sa oras ng pangangailangan katulad ng pakikipaglaban sa digmaang kinasasangkutan ng panginoon at paminsan-minsang pagbibigay ng tirahan, aliw, at pagkain sa panginoong piyudal.

Sa sistemang umiiral sa Europa, ang salitang basalyo at panginoon ay nagkakaugnay. Ang isang basalyo ay maaari ding tawaging panginoon kung siya ay magbibigay ng bahagi ng kanyang lupa sa isang tao na ngayon ay tatawagin niyang basalyo.

**Ang Piyudalismo Bilang Pamahalaan**

Sa sistemang piyudal, ang basalyo ay may layang pamahalaan ang lupang nasasakupan. Siya na ang nag-aayos ng usaping legal at namamahala sa sandatahang lakas, supply ng pagkain, at paniningil ng buwis.

**Sistemang Panlipunan**

Sa sistemang piyudal, ang lipunan ay nakalathala sa tatlo:


1. **maharlika** - kinabibilangan ng hari, basalyo, at iba pang panginoon
2. **pari o clerigo** - ang tanging pangkat na nakapag-aral ng iba't ibang asignatura, bukod pa sa pakikipagdigma. Ang mga Obispo at iba pang matataas na ranggong Clerigo ay namumuhay na parang mayayaman samantalang ang pari sa nayon ay mula sa mababang uri at hindi gaanong nakapag-aral.

**Ang Kabalyero sa Sistemang Piyudal**

Ang lalaki na mula sa mababang antas ng lipunan ay halos hindi nabibigyan ng pagkakataong maging kabalyero. Para makatiyak na ang mga magiging kabalyero ay manggagaling sa angkang maharlikha, ang pagsasanay sa pagkakabalyero ay mahigpit.

Ang kabalyero ay mula sa salitang Pranses na "Chevalier" na ang ibig sabihin ay mangangabayo. Ang nagnanais na maging kabalyero ay dumadaan sa pagsasanay ayon sa Codigo ng pagiging Kabalyero. Ang pagsasanay ay nagsisimula sa mga gulang na pitong taon kung saan siya ay nagsisilbi sa Corte ng kastilyo o palasyo bilang "valet" (little vassal) o damoireau (little lord) habang natututo ng kagandahang asal at pagsasanay sa pakikidigma. Sa pagbibinata, siya ay magiging "assistant" o "squire" ng kabalyero. Maaari na siyang sumama sa digmaan at kung mapatunayan ang kanyang kasanayan sa kagandahang asal at pakikidigma, siya ay gagawin nang kabalyero sa

pamamagitan ng isang seremonya kung saan siya ay bibigyan na ng damit at gamit pandigma.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Kunin mo ang iyong ginawa sa **Gawain 1** at ngayon ay magtala ng dalawang katungkulan na ginagampanan ng panginoong piyudal at dalawa ring katungkulan ng basalyo.

Ihambing mo ang dalawang gawain na ginawa mo at magbigay ng pagkakahawig at pagkakaiba ng mga nasabing tungkulin. Sundan ang "format" na ito:

| **Katungkulan** | | **Paghahambing** | |
|---|---|---|---|
| ***Panahon ng Kastila*** | ***Panahong Piyudal*** | ***Pagkakahawig*** | ***Pagkakaiba*** |
| A. Encomendero | A. Panginoong Piyudal | | |
| 1. | 1. | 1. | 1. |
| 2. | 2. | 2. | 2. |
| B. Indio (Tenant) | B. Basalyo | | |
| 1. | 1. | 1. | 1. |
| 2. | 2. | 2. | 2. |



**Tandaan Mo!**

- Ang piyudalismo ay isang sistema kung saan mahigpit ang kasunduan ng panginoong piyudal at basalyo. Bawat isa ay may katungkulan na dapat tuparin.


**ARALIN 2**

**SISTEMANG MANORYAL**



Ang sistemang manoryal ay nakasalalay sa pagsasaka. Dito kinukuha ang panggastos para sa pagpapatakbo ng pamahalaang piyudal. Ang manor ay sentro ng lipunan at ekonomiya ng mga tao na nakatira dito.

Ikaw ba ay nakapunta na sa isang hacienda dito? Kung nakapunta ka na, may pagkakahawig ang kaanyuan ng dalawa.



Pagkatapos mong basahin ang Araling ito, inaasahan na iyong:

1. Maisasalarawan ang manor;
2. Maipaliliwanag ang sistemang umiiral dito; at
3. Mapahahalagahan ang papel ng babae sa manor.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Tingnan mo ang larawan sa ibaba. Ito ay larawan ng manor. Ano ang masasabi mo sa kaayusan ng manor?



## Sistemang Manoryal

Ang sistemang manoryal ang sistemang pang-ekonomiya noong Gitnang Panahon. Sa manor nanggagaling ang halos lahat ng produkto at serbisyong kailangan ng mga tao.

### *Pagasasaka: Batayan ng Sistemang Manor*

Ang sistemang manor ang sentro ng lipunan at ekonomiya ng mga tao na nakatira dito. Ang isang fief ay maaaring binuo ng maraming manor na nakahiwalay sa isa't isa. Ito ay maaaring maihalintulad sa isang pamayanan (village) kung saan ang mga naninirahan dito ay umaasa ng kanilang ikabubuhay sa pagsasaka sa manor. Sa kabilang dako ang kanilang panginoon ay dito rin umaasa sa kita ng pagsasaka sa manor na kanyang magiging kayamanan.

Ang kastilyo ng panginoong piyudal ang pinakapusod ng isang manor. Maari ring ang bahay sa manor ay isang malaking nababakurang gusali o kaya ay palasyo. Ang lupain sa loob ng manor ay nahahati ayon sa paggagamitan nito. Kumpleto sa mga kakailanganin ng magsasaka ang mga gamit sa manor. Para sa mga naninirahan doon, ang mga pangangailangan nila ay napapaloob na sa manor. Nandiyan ang kamalig, kiskisan, panaderya, at kuwadra ng panginoon. Mayroon ding simbahan, pandayan, at pastulan. Kung maibigan ng panginoon, ang mga kaparangan at kagubatan ay kanyang hinahati ngunit nag-iiwan siya ng pastulan na maaaring gamitin ng lahat.

## Ang Pamamahala sa Manor

Ang Panginoong Piyudal ay karaniwang abala sa pakikidigma. Sa ganitong pagkakataon ang pamamahala sa  manor ay ipinagkakatiwala sa mga piling opisyales. Halimbawa sa England ang mga pinagkakatiwalaan ay tinatawag na steward, bailiff, at reeve. Ang **steward** ang may pinakamataas na ranggo. Siya ang legal na

tagapamahala sa korte ng manor. Binibisita niya ang iba't ibang manor para matingnan ang sitwasyon dito.

Ang **bailiff** naman ang nangangasiwa sa mga gawain ng magbubukid at sa pagsasaka. Siya ang namamahala sa pagkukuwenta ng salapi at sa paniningil ng upa, multa, at iba pang bayarin.

Ang **reeve** ay tumutulong sa bailiff. Maraming reeve ang kailangan kapag ang manor ay malaki. Sila ang namamahala sa pagpaparami ng dayami at sa pagtatago nito. Sila rin ang nag-aalaga ng kawan ng hayop at sa nag-aani ng mga pananim. Siya rin ang nagpapaabot sa panginoong piyudal ng reklamo ng mga magbubukid tungkol sa mga opisyales. Sa panig naman ng mga pesante, sila ay obligadong magtrabaho ng dalawa hanggang tatlong araw sa bawat linggo sa lupa ng panginoong piyudal. Bahagi ng kanilang ani ay kinukuha bilang buwis. Kung sila naman ay gumagawa ng tinapay o alak, halos lahat ng ito ay ibibigay din sa panginoon.

Ang mga itinuturing na **serf** ay hindi malayang makaalis sa manor. Sila ay itinuturing na pag-aari ng panginoon. Hindi rin sila makapangaso sa gubat o makapangisda sa batis.


Dahil sa walang pinag-aralan at itinuturing na tanga, ang mga magbubukid ay nakakita ng kasiyahan sa mga paniniwala tungkol sa mangkukulam, mahika, at halimaw. Kung minsan sila ay nagdaraos ng kasiyahan tulad ng piyesta, sayawan, at paligsahan.

**Katayuan ng mga babae sa Manor**

Ang mga babaeng nabibilang sa maharlikang angkan ay tinatawag na "ladies". Sila ay nagmamana ng lupain at maaaring humawak ng mahalagang posisyon. Kung nasa digmaan ang Panginoong Piyudal, ang mga asawa nito ang namamahala ng manor at nagtatanggol dito kapag nagkaroon ng mga pagsalakay. Kung sakaling ang panginoon ay nabihag, ang asawa nito ang nagtitipon ng pantubos upang siya ay mailigtas.

Ang mga babaeng magbubukid naman ay gumagawa ng lahat ng trabaho sa bukid. Sila ang nagtatanim at nag-aani ng mga butil. Sila ang naggugupit ng balahibo ng tupa at naggagatas sa baka. Gumagawa din sila ng atip  na pangbubong mula sa dayami.

Maagang nag-aasawa noon ang babae. Sa gulang na labing-apat, siya ay maaari nang ipagkasundo. May mga pagkakataon na sanggol pa lang ang babae ay maaari na rin siyang ipagkasundo. Ang babae ay pwede lamang makasal kung siya ay mayroong dote na salapi, lupa, o produkto na kanyang dadalhin o babaunin sa pagpapakasal.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Magbigay ng reaksiyon o komentaryo sa papel na ginagampanan ng babae sa manor. Mayroon na bang pagpapahalaga sa babae noon?



**Tandaan Mo!**

- Ang manor ay mahalagang bahagi ng fief. Dito nakasalalay ang ikabubuhay ng lahat ng tao—mula maharlika hanggang serf.


**ARALIN 3**

**ANG PAGSIMULA AT PAGLAGANAP NG MGA BAYAN AT LUNGSOD**



Panahon ng ika-sampu hanggang ikalabing-isang dantaon ng lumitaw ang mga bagong bayan at lungsod sa Europa. Ang pinakamabilis na pag-unlad ay naganap noong ikalabintatlong dantaon.

Ang lungsod ay lugar kung saan ang mga bagong uri ng tao ay yumaman at naging makapangyarihan. Ito rin ang nagsilbing sentro ng edukasyon, panitikan, at sining.



Matapos ang araling ito, inaasahan na iyong:

1. Maisasalarawan ang sitwasyon na naging salik sa pagsimula at paglaganap ng lungsod;
2. Matutukoy ang mga lugar sa Europa na naapektuhan ng maunlad na kalakalan; at
3. Maisasalarawan ang bagong uri ng tao.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Dito sa Metro Manila, maraming bayan ang naging siyudad. Dati-rati apat lang ang siyudad dito: Manila, Quezon City, Caloocan, at Pasay City. Bakit sa huling tatlong taon halos lahat ng bumubuo sa Metro Manila ay siyudad na? Magtala ka nga ng 8 bayan sa Metro Manila na naging siyudad kamakailan lang. Ano kaya ang mga katangian ng mga bayan na ito para gawing siyudad?

| Bayan | Katangian |
| --- | --- |
| 1. | 1. |
| 2. | 2. |
| 3. | 3. |
| 4. | 4. |
| 5. | 5. |
| 6. | 6. |
| 7. | 7. |
| 8. | 8. |

**Kalakalan sa pagitan ng Lungsod ng Italya at ng Gitnang Silangan**

Ang krusada ay may malaking naidulot sa pag-unlad ng kalakalan sa pagitan ng mga lungsod sa Italya at Gitnang Silangan. Nagkaroon ng palitan ng produkto. Ang mga tao sa Kanlurang Europa, lalo na ang mga maharlika ay nagustuhan ang mga pampalasa at telang seda mula sa Asya. Ang kalakal na mula sa mga lungsod ng Venice, Genoa, at iba pang lungsod sa Italya ay dinadala rin patungong Inglatera at hilagang Europa. Dahil sa pag-unlad ng kalakalan sa pagitan ng Europa at Asya, lumawak ang kalakalan.

**Paglago ng mga Bayan**

Ang paglakas ng kalakalan ay naging malaking tulong sa paglago ng mga bayan. Nagkaroon ng pagbabago sa agrikultura bunsod ng pagtuklas ng mga bagong teknolohiya at mga bagong pamamaraan sa pagtatanim. Bunga nito, tumaas ang ani kaya nagkaroon ng magandang uri ng pamumuhay ang mga tao. Nakatulong din nang malaki ang pagsasaayos ng mga kalsada upang mapadali ang pagdala at pagbili ng mga produktong agrikultural. Marami ang nanirahan sa mga lugar na malapit sa pangunahing daan.

**Paggamit ng salapi**

Sa unang mga taon ng Gitnang Panahon, ang sistema ng kalakalan ay palitan ng produkto o **barter**. Dinadala ng mga magbubukid o kaya ng "serf" ang mga produktong bukid o produktong gawa sa bahay sa mga lokal na pamilihan. Dito nagpapalitan ng produkto ang mga tao. Ang local na pamilihan ay nagaganap lamang bawat linggo sa mga malalawak na lugar malapit sa palasyo o simbahan.

Sa paglawak ng kalakalan kung saan maraming lugar na ang sumali, naisip ng panginoong piyudal na magtatag ng taunang perya. Dito sa peryang ito nagkatagpo-tagpo ang mga mangangalakal. Sa peryang ito kumikita ang panginoong piyudal dahil siya ay naniningil ng buwis at multa dito.

Dito sa peryang ito nakita ang paggamit ng salapi ngunit iba-iba ang kanilang salaping barya. Dahil dito, nagsulputan ang mga namamalit ng salapi (money changer), na sa maliit na halaga ay namamalit ng iba't ibang barya.

Sa pagpapalit ng salapi na ito nasabing nagsimula ang pagbabangko. Natuklasan ng ilang mangangalakal na hindi delikado ang mag-iwan ng malalaking halaga sa mga namamalit ng salapi. Ang salaping ito ay ipinauutang din nang may tubo. Ang isang mangangalakal ay maari ring magdeposito ng salapi sa isang lungsod at bibigyan siya ng resibo. Itong dineposito niya ay maaari niyang kolektahin sa ibang lungsod. Sa ganitong paraan naging ligtas ang paglipat ng salapi.

Ang sistemang ito ng pagpapautang at pagbabangko ay nalinang sa hilagang Italya. Ang paggamit ng pera ay nakatulong sa paglalapit ng mga tao buhat sa iba't ibang lugar.

**Ang paglitaw ng Burgis**

Sa pag-unlad ng kalakalan at industriya at paglawak ng mga bayan, isang makapangyarihang uri ng tao ang lumitaw. Sila ay tinatawag na burgis (men of burg o burgers o bourgeoisie). Ang interes ng grupong ito ay nasa kalakalan. Ang mataas na uri ng bourgeoisie ay ang mga mauunlad na negosyante at mga bangkero. Ang kanilang mga anak ay nag-aaral sa mga magagaling na unibersidad. Ang mga bourgeoisie ay ang nagiging gitnang uri at mababa ang pagtingin sa kanila ng panginoong piyudal dahil sa sila ay mga bagong yaman lamang.


Ang mga burgis ay patuloy na umiral at sila ang nagtaguyod ng sining at nakalinang ng sariling uri ng pagkamaharlika. Mababa rin ang pagtingin nila sa mga dalubhasang manggagawa kaya nagkaroon ng pag-uuri ng tao sa lipunan batay sa yaman at hindi na sa angkan.

**Ang Sistemang "*Guild*"**

Ang "guild" ay isang samahang institusyunal na ang pangunahing layunin ay protektahan ang interes ng mga kasapi. Bawat "guild" ay may sinusunod na patakaran. Nawata nila ang pagsali sa kalakalan nang hindi kasali sa "guild".

Ang "guild" ng artisano ang nangangasiwa sa pagsasanay ng isang tao sa pamamagitan ng sistemang "apprenticeship". Bago tanghaling dalubhasa ang isang artisano, siya ay dumadaan sa dalawang antas ng pagsasanay: 1) ang kandidato (apprentice) ay kailangang tumira kasama ang isang dalubhasa o master sa gawaing nais niyang pag-aralan. Siya ay bibigyan ng damit at tuturuan ng kagandahang asal. Obligasyon ng apprentice ang sundin lahat ang utos ng master at kailangang manatiling lihim ang mga sikreto sa sining at paggawa na natutuhan niya sa master. Ang antas na

ito ay 3 hanggang 12 taon; at 2) sa ikalawang antas siya ay magiging journeyman, isang bihasang artisano na naglilingkod sa isang panibagong master at tumatanggap ng araw-araw na sahod. Ang gawa ng isang artisano na pumasa sa pamantayan ng "guild" ay itinuturing na "obra maestra".



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Sagutin ang mga sumusunod.

1. Ikaw ba ay nakaranas nang manirahan sa probinsiya o nayon? Kung napatira ka na doon, ano ang mga magagandang katangian ng probinsiya?
   a. ______________________________________________
   ______________________________________________
   b. ______________________________________________
   ______________________________________________
   c. ______________________________________________
   ______________________________________________

2. Kung ikaw naman ay hindi pa nakaranas manirahan sa probinsiya, ano ang mga nalalaman mo o naririnig na katangian ng probinsiya?
   a. ______________________________________________
   ______________________________________________
   b. ______________________________________________
   ______________________________________________
   c. ______________________________________________
   ______________________________________________

3. Kung ikaw ay papipiliin, saan mo gustong manatili? Bakit?

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________



**Tandaan Mo!**

- Ang lungsod ay kilala sa umiiral na malakas na kalakalan noong Gitnang Panahon lalo na noong matapos ang Krusada.



**MGA DAPAT TANDAAN SA MODYUL NA ITO**

- Ang piyudalismo ay isang sistema kung saan mahigpit ang kasunduan ng panginoong piyudal at basalyo. Bawat isa ay may katungkulan na dapat tuparin.
- Ang manor ay mahalagang bahagi ng fief. Dito nakasalalay ang ikabubuhay ng lahat ng tao—mula maharlika hanggang serf.
- Ang lungsod ay kilala sa umiiral na malakas na kalakalan noong Gitnang Panahon lalo na noong matapos ang Krusada.



**PANGHULING PAGSUSULIT:**

Panuto: Piliin ang titik ng tamang sagot.

1. Ang manor ay pag-aari ng
    a. Magsasaka
    b. Mangangalakal
    c. Panginoon
    d. Simbahan
2. Alin sa sumusunod ang hindi lungsod ng Italya?
    a. Genea
    b. Venice
    c. Cologne
    d. Milan
3. Isang piyesta sa pamilihan na karaniwang idinaraos kung pista opisyal kung saan maraming mangangalakal galing sa iba't-ibang panig ng Europa ang dumarating para mamili at magtinda.
    a. Pasko
    b. Perya
    c. Palaro
    d. Torneo
4. Ang samahang midyibal na binubuo ng mangangalakal at manggagawa na naglalayong protektahan ang kanilang sarili sa di makatarungang paggawa, presyo, at suweldo.
    a. Basalyo
    b. Guild
    c. Burgis
    d. Maharlika
5. Isang bagong pangkat ng tao na lumitaw at ang layunin ay para mangalakal, hindi pandirigma.
    a. Basalyo
    b. Kabalyero

c. Burgis
d. Apprentice

6. Noong panahong midyibal ang sentro ng kalakal ay mga lungsod sa Italy at ___,
    a. America
    b. Gitnang Silangan
    c. China
    d. Silangang Indies
7. Alin sa mag sumusunod ang hindi salik sa pag-usbong ng piyudalismo?
    a. Paglusob ng mga barbaro
    b. Paghina ng kapangyarihan ng hari
    c. Paglakas ng kalakalan
    d. Pagsasamantala ng malalakas na local na pamahalaan
8. Ang tirahan ng mga panginoong piyudal ay ang
    a. kamalig
    b. kastilyo
    c. palaruan
    d. kumbento
9. Ang sistemang piyudal ay umiral dahil
    a. Ang mga maharlika ay humingi ng proteksyon
    b. Marami ang naging kabalyero
    c. Ang hari ay naging makapangyarihan
    d. Ang simbahan ay sumuporta sa hari
10. Isa sa mga salik sa pag-unlad ng bayan ay
    a. Pagkakaroon ng mga magagandang daan
    b. Pag-usbong ng mga guild
    c. Paglitaw ng mga kabalyero
    d. Pagbagsak ng Roma



**GABAY SA PAGWAWASTO:**

**PANIMULANG PAGSUSULIT**

| | |
|---|---|
| 1. B | 6. C |
| 2. B | 7. B |
| 3. C | 8. B |
| 4. C | 9. B |
| 5. D | 10. D |

**PANGHULING PAGSUSULIT**

| | |
|---|---|
| 1. C | 6. B |
| 2. B | 7. C |
| 3. B | 8. B |
| 4. B | 9. A |
| 5. C | 10. A |